*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim I

Ika-5 ng Setyembre, 2026

{ Ika-23 Linggo sa Karaniwang Panahon }

Liturgy of the Hours
eBreviary

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ngayo'y pasalamatan ang D'yos na mapagmahal
Ng ating mga tinig, ng puso't mga kamay,
Nilikha n'ya ang lahat, pagmamahal ang alay,
Ating natatamasa, hanggang kasalukuyan.

Ang mapagpalang Diyos, lagi nawang kapiling
Upang puso'y magalak, payapang sasaatin,
Panatilihing tapat, sa lungkot ay akayin,
At ilayo sa sala, hanggang langit ay kamtin.

Papuri't pasalamat, sa 'ting D'yos na Maykapal,
Sa Ama at sa Anak, sa Espiritung Banal;
Sila ang naghahari, iisang Diyos lamang,
Walang hanggang pagsamba, sa lupa't kalangitan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, ang ngalan ng Panginoon ay papupurihan.

*Salmo 113*

*(Purihin ang ngalan ng Panginoon)*

Dapat na magpuri ang mga alipin,
Ang ngalan ng PANGINOON ay dapat purihin.
Ang kanyang pangalan ay papupurihan,
Magmula ngayo't magpakailanman,
Buhat sa silangan, hanggang sa kanluran,
Ang ngalan ng PANGINOON, pupurihing tunay.

Siya'y naghahari sa lahat ng bansa,
Lampas pa sa langit ang pagkadakila.
Walang makatulad ang PANGINOONG Diyos,
Na sa kalangitan doon naluluklok;
Buhat sa itaas siya'y tumutunghay,
Ang lupa at langit kanyang minamasdan.

Mula sa alabok ang mga mahirap,
Sa pagkalugami ay itinataas.
Sa mga prinsipe ay isinasama,
Nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya.
Ang babaing baog pinagpapala n'ya
Pinapag-aanak para lumigaya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, ang ngalan ng Panginoon ay papupurihan.

*Antipona 2*

Aking hahawakan ang kalis ng kaligtasan, at tatawagin ang ngalan ng Panginoon.

*Salmo 116:10-19*

*(Pagpapasalamat sa Templo)*

Laging buhay ang pag-asa, patuloy ang pananalig,
Bagama't ang aking sabi'y, "Ako'y ganap nang nalupig."
Bagama't ako'y takot, nasasabi ko kung minsan,
"Wala kahit isang tao na dapat pagtiwalaan."

Sa Diyos ko't PANGINOON, anong aking ihahandog,
Sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?
Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap,
Bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.

Sa tuwinang magtitipon ang lahat ng kanyang hirang,
Ang anumang pangako ko, ay doon ko ibibigay.
Masakit sa kalooban ng PANGINOON kung may papanaw,

Kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam.

PANGINOON, naririto akong inyong abang lingkod,
Katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos;
Yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.
Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,
Ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak.

Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang,
Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay
Ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Aking hahawakan ang kalis ng kaligtasan, at tatawagin ang ngalan ng Panginoon.

*Antipona 3*

Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.

*Awit: Filipos 2:6-11*

*(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)*

Bagama't siya'y Diyos, hindi nagpilit si Hesus
Na manatiling kapantay ng Diyos,

Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos.
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos,
At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,
Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipahahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON,

Sa ikararangal ng Diyos Ama.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Hebreo 13:20-21*

Ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating PANGINOONG Hesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Hesukristo ay gawin niya sa atin ang nakalulugod sa kanya. Papurihan nawa si Kristo magpakailanman! Amen.

*Tugunan*

Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

— Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Pinupuri namin ang karunungang sa kanila'y lumikha,

— habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila, wika ng Panginoon.

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, naroon akong kasama nila, wika ng Panginoon.

## Pangkalahatang Panalangin

Si Kristo'y nahahabag sa mga nagugutom, gumawa sa kanila ng himalang tigib ng pagmamahal. Sa alaalang ito, dumalangin tayo:

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Panginoon, natatalos naming ang lahat ng mga biyayang aming natanggap ngayon ay nagmula sa iyong kabutihan,

tulutan mong ito'y magbunga at huwag hayaang mawalan ng saysay.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Liwanag at kaligtasan ng lahat ng bansa, pangalagaan
mo ang mga misyonero na isinugo mo sa buong mundo,
papagningasin sa kanila ang alab ng iyong Espiritu.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Tulungan mo kami na hubugin ang daigdig ayon sa makataong dangal.
at makatugon nang matapat sa kasalukuyang pangangailangan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Tagapagpagaling ng aming kaluluwa at katawan, aluin mo ang
maysakit at samahan ang nag-aagaw-buhay,
sa iyong awa, kami'y dalawin mo at bigyan ng kalakasan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Mapabilang nawa ang mga yumao sa piling ng mga banal,
na nakatala sa Aklat ng Buhay ang mga pangalan.

— Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
kami ay tinubos mo
at hinirang na mga anak sa pamamagitan ni Kristo.
Kami ay iyong tunghayan
at pagkalooban ng tunay na kalayaan.
Akayin kami patungo sa pamanang
pangako mo sa iyong bayan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*